# PAGSASA-FILIPINO NG EDUKASYON SA UP INTEGRATED SCHOOL

*Ma. Theresa L. de Villa*

Dalawampung taon na ang nakalipas mula nang pinagsama ang UP High School, UP Preparatory School at UP Elementary School. Sa loob ng mga taong ito, ilang makabuluhan at napapanahong inobasyon ang isinilang sa UP Integrated School (UPIS). Isa sa mga ito ang mga pagbabago sa kurikulum sa basic education tulad ng pagbabalik sa mga batayang aralin (back to the basics) mula Kindergarten hanggang Grado 2, at ng pag-iisa ng administrasyon o pamunuan sa elementarya at sekundarya o administrative/vertical integration. Nitong dekada 1990, ang paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa lahat ng asignatura maliban sa Ingles ang marahil pinakamahalagang inobasyon.

Pinagpasiyahan ang pagbabagong ito ng buong kaguruan ng UPIS noong Enero 1990 matapos ang dalawang araw na seminar-workshop tungkol sa inaprubahang Patakarang Pangwika ng UP. Binuo rin noon ang isang programa ng implementasyon na kasama ang pagsulat ng mga modyul at iba pang mga gamit panturo. Sa ngayon, marami na ang mga materyales sa Sining Praktika 8-9, Kalusugan 7-9, Agham at Matematika K-10 ang nakasulat sa Filipino. Lalong naging masigasig ang gawaing ito sa tulong ng Opisina ng Presidente ng UP at ng Sentro ng Wikang Filipino. Sa pakikipagtulungan ng dalawang opisina at ng UPIS, mahigit na 20 libro sa agham at matematika para sa hay-iskul ang isinusulat at maaaring mailimbag na sa mga unang buwan ng 1997. Kasama sa proyektong ito ang ilang guro sa UPIS, UP High Cebu, UP High Iloilo, UP Rural High sa Los Baños at Philippine Science High sa Diliman, Iloilo, at Tacloban.

Sa loob ng limang taong paggamit ng Filipino bilang wikang panturo, lubos na naunawaan ng kaguruan ng UPIS ang kahalagahan ng paggamit ng sariling wika sa paglinang ng sariling kakayahan at likas na talino ng mga estudyante. Dahil sa aktibong lumalahok sa mga talakayan ang maraming estudyante, masigla ang "pag-aaral" at hindi na kinakatakutan ang Agham at Matematika. Dahil walang pag-aalinlangan sa wikang ginagamit, wala ring pag-aalinlangan ang mga estudyante sa pagpapahayag ng kanilang mga saloobin. Dahil dito, mas lubos na nauunawaan ng mga mag-aaral ang mahahalagang konsepto at mas nalilinang ang kanilang mapanuring pag-iisip sa pagbubuo ng makabagong kaalaman na inaasahang magiging ambag sa paglutas ng mga suliranin sa kanilang kapaligiran at sa bandang huli, sa bansa.

Sa paggamit ng sariling wika, inaasahan ng mga guro na lubos na mauunawaan at masusuri ng mga mag-aaral ang mga pambansang suliranin lalo na yaong may kinalaman sa paggamit ng angkop na teknolohiya. Sa gayon, makakapagbuo ang mga mag-aaral ng mga makabuluhang gawaing may kinalaman sa ganitong direksyon. Isa ito sa mga layunin ng kurikulum ng UPIS na nakatuon sa Programa ng Edukasyon sa Pagpapahalaga. Ang pangkalahatang layunin nito ay ang paglilinang ng mga pagpapahalaga tulad ng kapayapaan, katarungan, at pag-ibig di lamang sa kapwa kundi sa sariling bayan. Ang paggamit ng Filipino bilang wikang panturo ay inaasahang makapagpapabilis sa pagsasakatutubo ng edukasyon tungo sa pagsulong ng isang makatarungan at makataong lipunang Pilipino.

Nitong dekada 1990, ang paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa lahat ng asignatura maliban sa Ingles ang marahil pinakamahalagang inobasyon.